**ACTIVITY SHEET**
**MATHEMATICS 1**
**QUARTER 2-MODULE 3**

Pangalan: ________________________________________________________1-__________

**Visualizing and Solving One-Step Routine and Non-Routine Problems Involving Addition of Whole Numbers Including Money with Sums Up To 99 Using Appropriate Problem Solving Strategies**

Activity No. 1

**Panuto:** Basahin ang sitwasyon at sagutan ang mga sumusunod na tanong.

| |
|---|
| Bumili si Roy ng papel sa halagang ₱15.00. Bumili din siya ng lapis sa halagang ₱13.00. Magkano ang kabuuang halaga ng mga gamit sa paaralan na binili ni Roy? |

**Mga Tanong:**

_____1. Ano ang hinahanap sa suliranin?

a. bilang ng mga papel b. halaga ng mga gamit sa paaralan c. bilang ng mgalapis

_____2. Ano-ano ang mga facts o given?

a. ₱15.00 na papel b. ₱13.00 na lapis c. ₱15.00 na papel at ₱13.00 na lapis

_____3. Ano ang word clue at operasyon na gagamitin?

a. kabuuang halaga / pagdaragdag b. kabuuang halaga / pagbabawas)

c. ilang lahat / pagdaragdag

_____4. Ano ang pamilang na pangungusap?

a.₱15.00 + ₱13.00 = ₱28.00 b. ₱15.00 + ₱10.00 = ₱25.00 c. ₱10.00 + ₱13.00 = ₱23.00

_____5. Ano ang kumpletong sagot?

a. ₱28.00 ang kabuuang halaga ng mga gamit sa paaralan

b. ₱25.00 ang kabuuang halaga ng mga gamit sa paaralan

c. ₱23.00 ang kabuuang halaga ng mga gamit sa paaralan

**Isaisip**

**May limang hakbang sa pagsusuri ng suliranin gamit ang pagdaragdag. Ito ay sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga sumusunod:**

**1. Ano ang hinahanap sa suliranin?**

**2. Ano-ano ang mga facts o given?**

**3. Ano ang word clue at operasyong gagamitin?**

**4. Ano ang number sentence?**

**5. Ano ang kumpletongsagot?**

**Ang unang hakbang sa pagsusuri ng suliranin ay alamin ang hinahanap o tinatanong.**

LIVEWORKSHEETS

**Ang ikalawang hakbang sa pagsuri ng suliranin ay hanapin ang ibinigay na given o facts.**

**Ang ikatlong hakbang sa pagsusuri ng suliranin ay hanapin ang word clue at operasyong gagamitin.**

**Ang mga salitang ilan, lahat, kabuuang bilang o halaga at pinagsama ay mga word clues. Ang mga salitang ito ang nagsasabi kung ano ang gamiting operasyon para masagot ang suliranin.**

**Ang ikaapat na hakbang sa pagsusuri ng suliranin ay ang pagbibigay ng number sentence o pamilang na pangungusap.**

**Ang ikalimang hakbang sa pagsusuri ng suliranin ay ang pagbibigay ng kumpletong sagot. Tandaan na lagyan ng label ang sagot.**

Activity No. 2

**Panuto:** Basahing mabuti ang suliranin at piliin ang wastong sagot sa loob ng kahon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

**Namitas ang magkaibigang Kim at Ella ng mga bulaklak sa hardin. Si Kim ay pumitas ng 44 na rosas at 32 na gumamela ang pinitas ni Ella. Ilan lahat ang mga bulaklak na pinitas ng magkaibigan?**

| | |
|---|---|
| **A. 76 na bulaklak** | **D. ilang lahat** |
| **B. bilang ng mgabulaklak** | **E. 44 na rosas at 32 na gumamela** |
| **C. 44 + 32 = 76** | **F. pagdaragdag** |

_____ 1. Ano ang hinahanap sa suliranin?

_____ 2. Ano-ano ang mga facts o given?

_____ 3. Ano ang word clue at operasyon na gagamitin?

_____ 4. Ano ang pamilang na pangungusap?

_____ 5. Ano ang kumpletong sagot?

Activity No. 2

**Panuto:** Gamitin ang limang hakbang na natutuhan. Lutasin ang problema o suliranin na nasa kahon sa ibaba.

Si Mang Kardo ay isang mangingisda. Isang umaga, nakahuli siya ng 38 tulingan at 20 talakitok. Ilan ang kabuuang bilang ng mga isdang nahuli ni Mang Kardo?

**1. Ano anghinahanap sa suliranin?**

______________________________________________

**2. Ano-ano ang mga facts o given?**

______________________________________________

**3. Ano ang word clue at operasyon na gagamitin?**

______________________________________________

**4. Ano ang pamilang na pangungusap?**

______________________________________________

**5. Ano ang kumpletongsagot?**

______________________________________________

LIVEWORKSHEETS